



## Mga Dalit sa Aurorahan: Sosyo-kultural na Lente ng Etnisidad ng mga Talisayon

Emma Basco

*Departamento ng Filipino, De La Salle University*  
emma.basco@dlsu.edu.ph

### **Abstract:**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang mga dalit sa taunang Aurorahan ng Talisay, Camarines Norte sa Rehiyong Bicol bilang tuntungan sa pagkilala ng etnisidad ng mga Talisayon. Sa pamamagitan ng ilang teorya, sinuri ang mga dalit upang matukoy ang mga pagpapahalagang sosyo-kultural na magdudulot nang higit na pagtatangi sa kanilang identidad. Naglalayon ang pag-aaral na tukuyin sa mga dalit ang mga pagpapahalagang may kaugnayan sa kasalukuyang pamumuhay, gawi, kaisipan at ugali ng mga Talisayon. Hangad din sa pag-aaral na makilala ang bisang pandamdamin, kaisipan at pangkaasalan ng dalit na makatutulong sa paghubog ng wastong saloobin at bagong kamalayan.

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangka sa etnolohiya (Pangkalinangang Antropolohiya). Sinikap ng mananaliksik na makagawa ng payak na pag-aaral tungkol sa lokal na kultura ng mga Talisayon gamit ang mga dalit at Aurorahan o pintakasi bilang lente sa pagsusuri. Ginamit ang participant observation bilang metodo sa pagkuha ng mga datos pagkat kakaunti pa lamang ang nasusulat dokumento ukol sa piniling paksa ng lokal na pag-aaral at naniniwala ang mananaliksik na angkop ang nasabing metodo pagkat sa pag-aaral na ito makabubuting magmula ang pananaw sa isang lokal. Hangad ng pag-aaral na ito na makalikom ng mga datos tungkol sa kontemporaryong sitwasyon ng kultura ng mga Talisayon at bayan ng Talisay na makatutulong sa pag-unawa ng kasalukuyang kulturang pinag-aaralan at masuri kung paano ito lumitaw.

Makakatulong ang resulta ng pananaliksik na ito sa produksyon ng payak na kaalaman tungkol sa gawi, tradisyon, relihiyon at kulturang Talisayon at Bicolnon simula pa noong dumating ang mga dayuhan sa ating lupain. Magsilbing midyum ang mga kaalamang mapupulot sa paghubog ng wastong saloobin at pagbuo ng bagong kamalayan at pagpapahalagang Bicolnon. Sa pamamagitan ng binanggit na mga katangian ng mga Bicolano nakakalikha tayo ng pangkalahatang larawan at imahe na makapagbibigay-depinisyon sa pagkataong Bicolnon na makatutulong sa pagtutuwid ng mga maling kaalaman at karunungan nababasa at itinatanim sa ating isipan mula sa mga banyagang oryentasyon o makakanlurang kaisipan. Ipinakikita sa pag-aaral na ito kung gaano kalaki at kasalimuot pa rin ang pakikipakita o pakikipagtunggali ng bawat Talisayon at Bicolano sa mga tatak na inilatag sa iba't ibang larangan.

### **Key words:**

Aurorahan, Dalit, Cantora/paradasal, Cabo/May kabig, Parapa'san